

فلبيني - تجالوج

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain

# Ano ang Marangal na Qur'ān?

Ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang at ang Tagalikha nila. Nagpababa si Allāh ng Qur'ān sa Pangwakas sa mga propeta at mga isinugo, si Mu  ammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), upang maglinaw sa sangkatauhan ng layon ng paglikha sa kanila at para sa kapatnubayan nila sa may dulot ng kaligayahan nila sa Mundo at Kabilang-buhay at pagliligtas sa kanila mula sa kamiserablehang walang-hanggan matapos ng kamatayan. Ang Qur'ān ay ang kahuli-hulihan sa mga kasulatang makadiyos sa pagkababa, na tagapagpatotoo sa mga ito at tagapagpawalang-bisa sa mga batas ng mga ito.

Ang Marangal na Qur'ān ay isang milagro at himalang walang-hanggan. Ito ay isang patunay sa pagkapropeta ng Sugo ni Allāh na si Mu  ammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Humamon si Allāh sa jinn at tao na maglahad ng tulad nito, kahit isang kabanatang tulad ng mula rito, ngunit nawalang-kakayahan sila roon.

Hindi umabot rito ang kamay ng pagpilipit at pagpapalit magmula ng pagbaba nito higit sa 1,400 taon na ang nakalipas. Mananatili itong iniingatan sa wikang Arabe, na pinagbabaan nito, yayamang gumarantiya si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa pagkakaingat dito hanggang sa wakas ng panahon.

Ang Marangal na Qur'ān ay ang pangunahing batayan ng Islam at ang konstitusyon na nagreregula sa buhay ng tao at namamahala rito sa bawat panahon at pook. Nag-aanyaya ito sa pagsamba sa Diyos na Tagalikha – tanging sa Kanya. Naglilinaw ito ng kinakailangan ng tao para sa pag-alam sa Panginoon niya at Relihiyon niya, simula ng paglikha sa Sansinukob, at mga yugto ng paglikha sa tao. Nagpapabatid ito tungkol sa mga nakalingid na pangnagdaan at panghinaharap, tungkol sa mga kasaysayan ng mga propetang nauna (sumakanila ang pangangalaga), kung papaanong nag-adya sa kanila si Allāh at nagpasawi sa mga kaaway nila. Narito ang mga batayan ng mga pagsamba, mga pakikitungo, pag-aanyaya tungo sa mga kaasalang napapupurihan, at pagbibigay-babala laban sa mga kaasalang napapupulaan. Ang kahahantungan sa Kabilang-buhay ay maaaring ang Paraiso, ang tahanan ng mga mananampalataya, at maaaring ang Impiyerno, ang tahanan ng mga tagatangging sumampalataya.

Dahil sa kahalagahan ng dakilang aklat na ito na pinababa ni Allāh sa wikang Arabe at ipinag-utos Niya na ipaabot sa sangkatauhan, nagiging kaaya-aya para sa amin, O mambabasang marangal, na maghandog sa iyo ng mga salin ng mga kahulugan nito sa mga wika ng daigdig, bilang pagpapadali sa pag-intindi rito at bilang pagsasakatotohan ng pagpapaabot nito. Nagbigay nga ang pangkat ng paggawa ng pagsusumikap nito sa pag-intindi sa mga kahulugan nito at pagsasalin ng mga ito, kasabay ng kaalamang pangkatiyakan na gaano man umabot ang kaeksaktuhan ng pagsasalin, mananatili itong nagkukulang sa pagganap sa mga dakilang kahulugan na ipinahihiwatig ng mapaghimalang teksto ng Marangal na Qur'ān, na nakahihigit sa alinmang gawang pantao. Ang sinumang nagnais na makaalam sa karagdagan sa mga katotohanang inihatid ng Marangal na Qur'ān, itinatagubilin namin sa kanya na mag-aral ng wikang Arabe na pinagbabaan nito.

Kapayapaan sa mga isinugo. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.

## Ensiklopedya ng Marangal na Qur'ān

Maaari kang tumingin sa salin ng mga kahulugan ng Marangal na Qur'ān sa wika mo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng scan sa QR Code dito.

Ikinaliligaya namin na tumanggap ng mga mungkahi ninyo at mga puna ninyo para sa pagpapaunlad ng mga pagsasalin sa pamamagitan ng window ng mga puna na matatagpuan sa harap ng bawat talata ng Qur'ān sa website ng Ensiklopedya ng Marangal na Qur'ān:

**(www.quranenc.com)**

Kapag naibigang makipag-ugnayan sa amin, maaaring lumiham sa amin sa email na:

**info@quranenc.com**

موسوعة القرآن الكريم
QuranEnc.com

www.islamHouse.com